## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Anong bahagi ng iyong buhay ang nagbago simula ng tanggapin mo ang mensahe ng ebanghelyo? Ano ang binabago sa iyo ng Diyos sa ngayon at papaano ka tumutugon?
- Ano ang ibig sabihin ng gawing mong Panginoon si Jesus ng iyong buhay?
- Bilang buhay sa Kanya, papaanong makakahikayat ang iyong bagong buhay ng ibang tao na mapalapit kay Kristo?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Papaano ka lalago ng higit pa sa iyong bagong buhay na natanggap mula kay Jesus? Anong mga hakbangin ang kailangan mong gawin upang mapalakas mo ang iyong ugnayan sa Diyos?
- Anong bahagi ng iyong buhay na kailangang si Jesus ang mangibabaw bilang Panginoon? Anong mga pag-aalinlangan o kaisipan na kailangan mong baguhin upang ikaw ay sumunod ng lubos sa Kanyang kaparaanan?
- Sino ang mga kakilala mo na dapat makarinig ng Mabuting Balita?

## PRAYER

- Hingin sa Diyos ang Kanyang biyaya na ang iyong patotoo na bagong buhay ay maging pagpapala sa ibang tao na sila man ay tumanggap ng handog ng kaligtasan.
- Hayaang si Jesus na siyasatin ang iyong puso, baguhin ka, at gabayan ka patungo sa pagsisisi sa mga bahagi ng buhay mo na hindi mo pa naisusuko sa Kanyang pagka-Panginoon.
- Manalangin para sa mga pagkakataong makapagbahagi ka ng ebanghelyo at upang maging handa ang mga puso ng mga babahagian mo upang tanggapin ito.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

# XCHANGE

## Buhay sa Kanya

Week 2

## NOTES

## CONNECT

- Kung ikaw ay mamumuhay muli, ano ang babaguhin mo at bakit?
- Sino ang kakilala mo na nakikita mo bilang isang halimbawa? Paano ka  niya hinihikayat sa iyong buhay?
- Kung ikaw ay may pagkakataon na magpahayag sa mga mag-aaral na magtatapos sa inyong mataas na paaralan, ano ang sasabihin mo sa kanila at bakit?

## WORD

**[19]Nang takip-silim na ang araw na iyon, nagsama-sama ang mga tagasunod ni Jesus. Ikinandado nila ang mga pinto dahil sa takot sa mga pinuno ng mga Judio. Dumating si Jesus at tumayo sa gitna nila, at sinabi, "Sumainyo ang kapayapaan." [20]Pagkasabi niya nito, ipinakita niya ang sugat sa mga kamay at tagiliran niya. Labis na natuwa ang mga tagasunod nang makita ang Panginoon.**

**Juan 20:19,20**

## WHAT

*What does the Bible say?*

Ang ginawa ni Kristo sa krus ay makabuluhang lubos at higit pa sa kapatawarang tinanggap natin mula sa kasalanan. Sa pamamagitan ni Jesus, tayo ay nabigyan ng bagong simulain! Ngunit bago tayo magpatuloy at magsaya sa bagong kalayaan na ating natagpuan, atin munang unawain: Ano ang ibig sabihin ng buhay kay Jesus?

- **Sa Kanya, tayo ay may bagong buhay.**

  [4]Kaya noong binautismuhan tayo, namatay tayo at inilibing na kasama niya. Kung paanong binuhay muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay mamuhay sa bagong buhay. [5]At kung nakasama tayo sa kanyang kamatayan, tiyak na mabubuhay tayong muli tulad ng muli niyang pagkabuhay.

  Roma 6:4,5

  Sa krus, may naganap na banal na palitan—buhay ni Jesus para sa atin. Inako ni Jesus ang ating mga kasalanan at binayaran upang makamtan natin ang mga kailangan upang makapagsimula ng bago: kapatawaran ng mga kasalanan, ang kapangyarihang mabuhay ng matuwid (Roma 6:1-4), isang bagong pagkakakilanlan bilang mga anak ng Diyos, at ang pangako ng buhay ng walanghanggan. Ganun na lang kahalaga ang handog ni Jesus para sa atin! Papaano tayo magkakaroon ng bagong buhay kay Kristo? (Romans 10:9)?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Sa Kanya, tayo ay may bagong Panginoon.**

  *[32]"Ang kanyang tinutukoy ay walang iba kundi si Jesus na muling binuhay ng Dios, at kaming lahat ay saksi na muli siyang nabuhay.*

  *. . . [36]Kaya dapat talagang malaman ng lahat ng Israelita na itong si Jesus na ipinapako n'yo sa krus ang siyang pinili ng Diyos na maging Panginoon at Kristo."*

  Mga Gawa 2:32,36

  Si Jesus ay di lang karaniwang bayani na kung saan ang kasaysayan ay nagtapos sa pag-alay ng kamatayan sa krus, ngunit Siya ay nabuhay muli! Nagapi Niya ang kamatayan upang tayo ay magkaroon ng buhay na walanghanggan! Ito ang dahilan kung bakit may kumpiyansa tayo sa ating pananalig dahil ang ating Panginoon ay matagumpay at tayo ay sumusunod sa Kanya dahil Siya ay naghahari. Papaano matutulungan ang iyong pananampalataya na ikaw ay naglilingkod sa buhay na Diyos?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Sa Kanya, tayo ay may bagong mensahe.**

  *Patuloy ang paggawa ng mga apostol ng mga kamangha-manghang gawa bilang patunay na ang Panginoong Jesus ay talagang nabuhay muli. At lubusang pinagpala ng Diyos ang lahat ng mga mananampalataya.*

  Mga Gawa 4:33

  *"Pumunta kayo sa templo at turuan ninyo ang mga tao tungkol sa bagong buhay na ibinigay ng Diyos."*

  Mga Gawa 5:20

  Ang ginawa ni Jesus sa krus ay hindi lamang para sa iilan ngunit ito ay para din sa buong daigdig (1 Juan 2:2). At bago pa bumalik si Jesus sa langit, inatasan Niya ang Kanyang mga disipulo na ipangalat ang Mabuting Balita (Mateo 28:19,20) at bilang mga tagasunod Niya, tayo rin ay may panawagan na pasanin ang ebanghelyo at ibahagi ito. Bakit hangad ng Diyos na ang lahat ay makarinig ng ebanghelyo (1 Timoteo 2:3,4)?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________